

# Ang Iskolarsip ni E. Arsenio Manuel sa Folklore at Identidad na Filipino<sup>1</sup>

JOHN CARLO SANTOS

## ABSTRACT

I highlight E. Arsenio Manuel as one of the foremost scholars in folklore studies by opening discussions on his research concerning the Filipino identity, shaped by his experience as a student under the American curriculum. Simultaneously, I endeavor to revisit the foundational contributions of Jose Rizal and Isabelo de los Reyes as earlier scholars who engaged in discourses on folklore, given how frequently Manuel cited and referred to them across his nearly two hundred published works. As a concluding reflection, I present selected readings of Manuel's seminal research and studies about him, calling for a deeper understanding of his role (and that of folklore) within the evolving complexities of discourses on Philippine Studies.

Itinatampok ko si E. Arsenio Manuel bilang isa sa mga nangungunang iskolar sa folklore o kaalámang-bayan sa pamamagitan ng pagbubukás ng mga talakayan tungkol sa kanyang mga pananaliksik hinggil sa identidad na Filipino na nagmulá sa pagiging mag-aarál sa ilalim ng Americanong kurikulum. Samantála, sinikap kong buksan ang maikling talakay kina Jose Rizal at Isabelo de los Reyes bilang mga naunang iskolar na sumuong din sa usapíng folklore, gayong madalás siláng sipiin at basáhin ni Manuel kung gagalugarin ang hálos dalawandaan niyang limbag na pag-aaral. Pamutat naman ang ilán kong pagbása sa mga natatanging saliksik ni Manuel at mga saliksik din tungkol sa kaniya para ipanawagan ang mas malalim na pag-unawa sa papel ni Manuel (at ng folklore) sa patúloy na kasalimuotan ng mga diskurso sa Aralíng Filipino.

**Mga susìng salitá:** E. Arsenio Manuel, folklore, Aralíng Filipino

**Keywords:** E. Arsenio Manuel, folklore, Philippine Studies

## Sina Rizal at de los Reyes sa mga Talakayang Folklore at Identidad na Filipino

Sa seminal na akda ni Benedict Anderson na *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*, imumungkahi niyang ang “nasyon” ay isang “imagined political community” na kapuwa limitado at nagsasarili, at mulâ sa nasyon, babanggitin namang ang “nasyonalismo,” taliwas sa popular na kahulugan nitóng “awakening of nations to self-consciousness”<sup>2</sup> ay “ideolohikal na pagharaya sa isang komunidad” (Anderson 2006, 6–7). Ang nasyon ay hindi likás na nariyan, bagkus ay nabuô (at nabubuô) lámang búnga ng pagharaya ng mga nasyonalistang nagsusulong nitó—“communities are to be distinguished, not by their falsity/genuineness, but by the style in which they are imagined” (Anderson 2006, 6). Ilalápat ni Anderson ang gayong mga argumento sa *Noli Me Tangere* (1887). Ang detalyado umanong paglalarawan ni Jose Rizal sa mga pangyayari sa piging<sup>3</sup> ay mainam na halimbawa ng tumbásang haraya at nasyon/nasyonalismo. Ang mabusising deskripsiyon ng loob at labas ng bahay ni Kapitan Tiyago sa isang espesipikong panahon<sup>4</sup> (pagdating ni Crisostomo Ibarra mulâ Europa) ang nagmapa sa Kalye Anloague, na kung tutuusin ay nabuô lámang dahil sa nobelang produkto ng mga haraya ni Rizal:

The casual progression of this house from the ‘interior’ time of the novel to the ‘exterior’ time of the [Manila] reader’s everyday life gives a hypnotic confirmation of the solidity of a single community, embracing characters, authors and readers, moving onward through calendrical time. (Anderson 2006, 27)

Maliban sa Kalye Anloague, nása *Noli Me Tangere* din ang imahen ng Filipinas ayon sa ulirát mismo ni Rizal. Sa liham niya sa Heswitang si Padre Pablo Pastells, babanggiting isa sa mga dahilan ng pag-aakda ng naturang nobela ay ang pagnanais na isatitik ang “vivid memory of what was happening, and sufficient accuracy in determining the cause of the disease, so that I not only pictured the past but also guessed the future”<sup>5</sup>, paraan upang isiwalat ang kanser na nararanasan ng lipunan at ng mga “Filipino” (Guerrero 1974, 121). Pansinin ang paggamit ni Rizal sa mga katagáng “pictured”—*represented, visualized*—at “guessed”—*assumed, suspected*—kawing sa *imagined* (kung paano itó binibigyang katuturan ni Anderson) at haraya (mulâ sa *UP Diksiyonaryong Filipino*: ang kakayahan ng isip na bumuo ng mga imahen o konsepto ng mga panlabas na bagay na hindi umiiral o hindi totoo; kakayahan ng isip na bumuo ng mga larawan ng anumang hindi pa nararanasan; o kakayahan ng isip na bumuo ng mga bágong imahen o idea sa pamamagitan ng pagdudugtong-dugtong ng mga dáting naranasan<sup>6</sup>).

Piksiyon ang nobelang humaharaya sa kaligiran ng inaabusong lipunan, pero sambit ng historyador na si Teodoro Agoncillo tungkol sa realistikong pagkatha, “there was nothing purely imaginative either in his character portrayal or in his delineation of the local color: every incident, every character was real,” na liban sa papuri ay manipestasyon ng “pagsang-ayon” niya kay Rizal, alalaong-baga’y pareho silá ng imahen ng/sa Filipinas dahil pareho ang kaniláng pagharaya (Agoncillo 2002, 25).

Katwiran ni Floro Quibuyen sa *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism*, taóng 1887, kasabay ng paglilimbag ng *Noli Me Tangere*, magsisimulá ang pagbabágo sa kahulugan ng salitang “Filipino,” mulá sa unang kahulugan nitóng “creole” o ang mga Español na ipinanganak sa Filipinas, haharain ni Rizal ang pagiging Filipino bílang “native inhabitants” (aking sálin: katutubo) o lahat ng mga mamamayan sa “Filipino Nation” (Quibuyen 1999, 93; Constantino 2000, 5). Magkagayo’y tatawaging “The First Filipino” si Rizal, na ayon kay Leon Ma. Guerrero ay ang unang Filipinong nagsasarilí at taliwas sa kolonyal na identidad, “He was the first who sought to ‘unite the whole archipelago’ and envisioned a ‘compact and homogenous’ society of all the old tribal communities from Batanes to the Sulu Sea, based on common interests and ‘mutual protection’...” (Guerrero 1974, 496).

Sa akda pa rin Guerrero, isang kabanata ang uukilkil sa pagnanais ni Rizal na isulat ang waláng kinikilingang kasaysayan ng mga Filipino. Lumiham siya kay Ferdinand Blumentritt, 1887,

**The Philippines would be grateful to you if you were to write a complete history of our country from an impartial viewpoint. I believe you are the only one who could do it. I have the courage for it, but I do not know enough...** Austria has no colonies, does not covet our country, and so you don’t have to alter historical truth either for the Filipinos or the Spaniards, and you can look upon the past calmly as any foreign observers. **You profess the Catholic religion, but you don’t have an iota of fanaticism.** (Guerrero 1974, 206; Quibuyen 1999, 140; akin ang mga diin)

Ani Rizal, bulagsak ang pagsasakasaysayan ng mga Español dahil hindi nitó tagumpay na naugat ang pinagmulan ng mga Filipino, gayundin, waláng kabuluhan ang naratibong kolonyal na nagsasabing mangmang ang mga katutubo<sup>8</sup>, sa katunayan, Español pa nga ang puminsalà sa maunlad na sitwasyon ng sinaunang sibilisasyon:

...the Spaniards do not take the trouble of going to the root of things; they are content with repeating what they have heard, and the more paradoxical the better. Here is an example: “All of those who live here well know what the native is worth and what he is:

a wretch, patient and resigned, *who lives happily...as long as he is left alone.*"

You must agree with me, my dear friend, that the Spaniard who wrote this absurdity is a king of fools, and that the phrase I have underlined is nonsense. He proves with his own words that the Spaniards are the cause of the misfortunes of the Filipinos and have worsened their situation through colonization, because *the Filipinos were living happily...as long as the Spaniards left them alone.* (Guerrero 1974, 206-207; Quibuyen 1999, 140).

May mataas na pagkilála si Rizal sa matatalas na etnograpihong pananaliksik ni Blumentritt at nakita niyang mahalaga ang gayon sa pag-aakda ng kasaysayang katutubo.<sup>9</sup> Sa katunayan, noong tinatápos niya ang anotasyon kay Morga, liliham siya sa kaibígan para iparating ang pagnanais na ilakip sa publikasyon ang mga saliksik tungkol sa Mindanao upang masigurong "right track" ang tinatahak niya. Ang landásing tinutukoy rito, sapantaha ko, ay ang dokumentasyon ng kasaysayang Filipinong prekolonyal:

With the Morga I should like to publish also your [Blumentritt] treatise on the Mindanaw tribes as well as some unpublished documents I have found in the British Museum. I hope you will help me in this enterprise. **I need your advice and, with your knowledge of things Philippine, you can put me on the right track so that I shall not work in vain.** I do this only for my country for the work will bring me neither honors nor wealth. (Guerrero 1974, 208; akin ang mga diin)

Sa púntong itó, "Rizal was thus rehabilitating the first period of Philippine history," ani Zeus Salazar sa *A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History* (1983, 105). Ang suri ni Salazar sa ganitóng historiograpiya ni Rizal ay pagigiit ng tatlong yugto ng kasaysayan. Ang unang yugto, "liwanag," ay paghahalungkat sa maláy na katutubong Filipino bago ang kolonyalismong Español-"dilim" (ikalawang yugto). Muling liliwanag (ikatlong yugto) sa oras na maganap ang rebolusyon at makamit ang kalayàan. Estabilisado na ang yugto ng dilim sa *Noli* at ibá pang sulatíng propaganda ni Rizal at sa milyu niya'y inihahandâ naman ang yugto ng muling liwanag. Subalit, dahóp siya sa batayáng kaalaman (palagay ko, itó na ang sinasabi niyang "I do not know enough" sa Guerrero 1974, 206 at Quibuyen 1999, 140) sa pagbubuô ng unang yugto. Dito niya kailangan si Blumentritt sapagkat gagáp niya ang etnograpiya at etnolohiya<sup>10</sup>, ang mga larang na tumutuón sa dokumentasyon ng kultura, pamumuhay, at tradisyong prekolonyal, gayong mayroon na siyang mga paunang pagmamapa. Para kay Rizal, ideal si Blumentritt na umakda (bagaman tatanggí) ng unang yugto ng kasaysayan dahil

kakayanin niyang maging “impartial,” yamang hindi siya Español o Filipino. Gayundin, sa nauna nang siníping liham, babanggitin niyang Katoliko si Blumentritt, pero hindi panatiko–mahalaga ang dalawang katangiang iyon sapagkat hinuha ni Rizal, “pagano” ang katutubong Filipino<sup>11</sup> at ang gayong pagkakakilanlan ay binastardo sa mga naratibong Español at ginamit na aparatong mangangatwirang barbaro ang mga “indio” at kailangan at mabuti ang kolonisasyon. Sa patúloy na analisis ni Quibuyen:

Rizal’s edition of the Morga involves copious footnotes (annotations) that perform a number of functions: (1) they make cross-references to other early chroniclers, such as Pigafetta, Chirino, Colin, Gaspar de San Agustin, and Argensola, to confirm, correct, or highlight the importance of certain ethnohistorical observations; (2) they draw contrasts between a **flourishing pre-Hispanic Filipino society and culture**, on the other hand, and the worsening conditions of the present colonial society, on the other, to demonstrate the destructive effects of Spanish colonization; (3) they highlight the similarities in folkways, religion, and languages among various regions in the archipelago to establish a common heritage (which would then serve as a basis for the construction of a Filipino national identity); (4) they show the precolonial linguistic and cultural, as well as trade relations, between the Philippines and the Malay Peninsula (now Malaysia and Indonesia), Vietnam, Cambodia, China, Japan, and the Pacific Islands to situate the Philippines as an integral part of the Asia-Pacific region, thereby delinking (to use Samin Amir’s term) the country from Spain and Hispanic culture; (5) they expose the falsehood of the “white mythologies” (colonial images of pre-Christian Filipinos as savages, indolent, immoral, sexually promiscuous, etc.) and thereby, **deconstruct Spanish Orientalism**. (Quibuyen 1999, 142; akin ang mga diin)

Pareho ang pagbásang itó sa *tripartite view* ni Salazar, gayong lantad sa anotasyon ni Rizal na maunlad at nagsasarili na ang mga katutubo noon pa man. Sa ikatlong púnto ng analisis ni Quibuyen, titindigan na ang pagtuón sa kultura at tradisyong prekolonyal ay nangangahulugang “pagsisinop ng pagkakatulad ng mga gawi, relihiyon, at wika sa mga rehiyon sa Filipinas” na gagamiting batayan sa pagbubuô ng “Filipino national identity,” **sabihin pa, ang pagbubuô ng nasyon ay gawaing kinapapalooban ng mga dimensiyon (o larang) ng kasaysayan at kultura.**<sup>12</sup>

Isa pang kakontemporaneo ni Rizal ang mayroong pagkakatulad ng pagharaya sa pagbubuô ng Filipinas—ang sosyalista at Filipinistang si Isabelo de los Reyes.<sup>13</sup> Sa *El Folklore Filipino* (1889), na inilimbag sa parehong panahon ng mga nobela at anotasyon ni Rizal, tatawagin ni de los Reyes ang sarili na “**hermano** de los selváticos, aetas, igorotes y tinguanes” o “**brother** of the forest peoples, the Aeta, the Igorots and the Tinguians”<sup>14</sup> (de los Reyes 1889, 19) o kung isasálin ko sa

Filipino: *kapatid*. Bagaman Ilocano, umaalpas na sa báyang kaniyang iniralan ang pagbibigay ng kahulugan sa salitang “Filipino”—ibá mang pamayanang-etniko ay kapatid niya rin o kapuwa Filipino o kasáma sa ulirá niya ng Filipinas bílang isang nasyon. Hayaan ninyo akong hiramín ang isa sa mga layunin ng *La Liga Filipina* na itinatag ni Rizal noong 1892 sapagkat nakikitaan ko itó ng tilà pagkakahawig sa tunguhin: “to unite the whole archipelago into one compact, vigorous, and homogenous body” (Agoncillo 2002, 34; Blair & Robertson 1907, 217–26).

Makikitaan pa natin ng paralelismo ang mga haraya nina Rizal at de los Reyes. Pareho niláng itatangì ang kasaysayan at kulturang prekolonyal at bibigyang kritik at anotasyon ang kasaysayang akda ng mga kolonisador na Español sa paniniwálang iyon ang tuntúngan túngo sa nagsasarilí at mas matatag na pagkakakilanlang Filipinong alpas sa naratibong kolonyal. Ang pinagkaibá, hindi nobela at mga liham ang nása arkibong de los Reyes, bagkus mga peryodiko, taláng etnograpike (pareho kay Blumentritt), at pag-aaral sa “folk-lore.”

Sa *El Folklore Filipino* tatanyag si de los Reyes bílang folklorista.<sup>15</sup> Sa akdang itó kasi mababakás ang kaniyang ideolohiyang pangkasaysayan na, ayon sa historyador na si Resil Mojares sa *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes, and the Production of Modern Knowledge*,

In writing the history of the Philippines, Isabelo laments that **current knowledge does not allow greater certainty**. He says that the question of determining **races and origins cannot be seriously considered without a profound knowledge of Antropologia and Folk-lore**. With limited knowledge, nebulous hypotheses will be advanced today which will be refuted tomorrow. (Mojares 2006, 304; akin ang mga diin)

Ipakikilála ni de los Reyes ang konsepto ng “folk-lore,” kasáma ng antropolohiya, bílang mga larang na gagarantiya sa pag-aakda ng mas may-katiyakang kasaysayan ng lahi. Mulá sa mga paham ng Europa<sup>16</sup> ilalarawan niya ang “folk-lore” na bágong sangay ng agham—*ciencia folk-lorica*—na pumapatungkol sa pagpapanumbalik ng mga kaugalian, alamat, tradisyon, paniniwala, arkitektura, pananamit, wika, at ibá pa, na sa madalíng sabi ay “búhay at pamumuhay ng tao.” Para sa kanya, folk-lore, yamang nakapokus sa “folk” (katutubong táo) at hindi sa institusyong kolonyal, ang pupuná sa distorsiyon at pagpapalaganap ng mga Español sa maling kaisipan hinggil sa búhay at pamumuhay ng mga katutubong Filipino, “the history of the Philippines suffers from contradictions, and it is necessary to patiently compare one and the other, investigating the truth with a serene and impartial spirit” (de los Reyes 1889, sálin ni Mojares 2006, 297). Gayundin, binibigyang-empasis sa *El Folklore Filipino* ang marubdob na pangangailangan sa siyentipikong rekonstruksiyon (sa bása ko sa “rekonstruksiyon” ay “mulíng pag-aakda”; “siyentipiko” naman dahil *ciencia* ang larang) ng kasaysayan, ngayon, sa lenteng hindi kolonyal: “in sum, all the

elements constitutive of the genius, the knowledge and languages of Filipinos... [the] indispensable materials for the understanding and scientific reconstruction of Filipino history and culture" (de los Reyes 1889, *sálin ni Mojares* 2013, 5).

Ani de los Reyes, ang mga talâng pangkasaysayan sa kaniyang panahon ay umaapaw sa pagkakamalí búnga ng interpretasyon o hindi maingat na saliksik, at ang gayon ay naipapása pa sa ibá at mas maraming iskolar. Sabihin din, kung Español ang sumuri ay maaaring "riddled with bias and inconsistencies" (de los Reyes 1889, 7a). Sasaligin ni de los Reyes ang pilosopiyang kolonyal at maglilimbag pa ng mga saliksik kawing sa folklore na magpapayaman ng "centrifugal tendencies in conceptions of national identity" (Mojares 2013, 4). Bagaman Europeo ang folklore at nauna nang maghalughog sa prekolonyal ang mga Español, igigiit pa rin ni de los Reyes, sa paliwanag ni Mojares,

**Isabelo was aware that folklore had been used as proof of his people's "backwardness." He cited the reluctance of his fellow-Ilocanos to have their beliefs and customs written about because they feared these would only be used to malign them.** In response, Isabelo distanced himself from foreign observers by claiming the privileged position of an insider who embraced the culture as his own and was committed to its development. (Mojares 2013, 5; akin ang diin)

Titindigan ni de los Reyes na maiwawasto lámang ang kasaysayang prekolonyal kung maingat na magagagap ang mga lokal na sanggunian at materyal na pawang lokal lang din ang makagagawa.<sup>17</sup> Inilalagay niya sa pedestal ang gampanin ng mga katutubong mananaliksik (kagaya niyang may malalim na pang-unawa sa metodolohiya ng folklore) na higit na mahusay kompara sa mga Español.<sup>18</sup> Mapangahás ang gayong pananaw sapagkat sa bansang dominante ng mga banyaga, kahit na yaong ilustrado't nakapag-aral sa mga unibersidad sa Europa ay minamaliit at patúloy na tatawaging "indio." Dúlot ng ganitóng pananaw ni de los Reyes kayâ minsan siyang kinompara kay Blumentritt, ang kaibígan ni Rizal na etnografo gaya niya.

Samantála, pinalawig naman ni Anderson ang palagay ni de los Reyes sa folk-lore bílang sangay ng agham. Sa *Under Three Flags: Anarchists and the Anti-Colonial Imagination*:

Isabelo made clear what he himself thought folklore was about, and how he saw its social value. In the first place, it offered an opportunity for a reconstruction of the indigenous past that was **impossible in the Philippines by any other means**, given the absence of pre-Spanish monuments or inscriptions, and indeed, the near-absence of written records... **Serious research** on customs, beliefs, superstitions, adages, tongue-twisters, incantations and so on would throw light on what he referred to as the "primitive religion" of the Spanish past. (Anderson 2005, 23; akin ang mga diin)

Sikapin nating himayin ang mga paninindigang nabanggit. Ani de los Reyes, sa “folk-lore” (sa pamamagitan ng etnograpiya) lámang maaaring maabót ang obhektibo, totoo, di-kolonyal, at katutubong kasaysayan ng mga Filipino dahil “in order to distinguish genuine Philippine superstitious beliefs, it is necessary to have an exhaustive knowledge of Folk-Lore Universal<sup>19</sup> and the country’s prehistory” (de los Reyes 1889, sálin ni Mojares 2006, 307). Isa pa, kahit na Ilocano, ang kaniyang pagsasaliksik ay sumasaklaw na sa Filipinas sa pangkalahatan (hindi limitado sa sariling pamayanang-etniko).<sup>20</sup> Sa mga salitâ ni Mojares, “he conceived his work as a ‘national’ project” lalo na sa mga pagkakataóng inilimbag niya sa mga pahayagan ang mga resulta ng saliksik lakip ang panawagang suhayan nawa ng mga kapuwa Filipino ang kaniyang sinimulan: “folklore was a resource for nation formation and not something merely ethnological. In calling for the recovery and study of the people’s knowledge, he envisioned a ‘national’ project, one that was not executed by one person but involved everyone. He saw the native not only as a privileged informant but as his own country’s scientist and scholar.”<sup>21</sup>

Tungkol naman sa pagiging seryosong mananaliksik, pinagtuunang-pansin ni de los Reyes ang mga katangiang dapat taglay ng mga folklorista (gaya niya) dahil sa ang disiplina’y agham at mandatong gamay ng “siyentistang iskolar” ang siyentipikong mga hakbang sa dokumentasyon at panunuri sa búhay at pamumuhay ng tao, lalo na, aking idiriin, nakasalalay sa etnograpiya ang pag-aakda ng katutubong kasaysayang Filipino, na, “the ultimate object was national self-retrieval, ‘awakening’ and liberation” (Anderson 2005, 32). Sa pagpapatúloy, “all our aspirations are directed towards the intellectual, moral, and material aggrandizement of the Philippines in general, and the Ilocanos in particular; and all our efforts are exerted to this end” (de los Reyes 1889, sálin ni Mojares 2006, 295).

Isa pang seminal na publikasyon ang *El Tinguian*, kung saan makakapâ ang pagiging seryosong mananaliksik ni de los Reyes, gayong para ituwid ang mga nakapanlililang na naratibong Español tungkol sa prekolonyal, ipagpapatúloy niya ang etnograpiya sa Ilocos upang magkaroon ng “nationalist counter-representation” ang mga Tinguian (de los Reyes 1889, 3-4). Sinalíg niyang mulâ sa lahing Malabar o Coromandel o Tsina ang mga Tinguian at búnga ng kaniyang siyentipikong paggalugad sa mga katutubong materyal at masinop na dokumentasyon hinggil sa wika, kultura, at tradisyon, puwedeng sabihing mulâ sa Malay ang naturang pangkat. Babasagin niya rin ang teorya ng arkeologong si John Lubbock na walâng relihiyon ang mga katutubong nása bundok.<sup>22</sup> Muli, búnga ng saliksik-folk-lore, mapatutunayang may “Supreme Being” ang mga Tinguian, rasyonal din silá’t naniniwala sa búhay pagtapos sa daigdig, at ibá pa. Higit sa lahat, sibilisado ang pangkat, yayamang walâ mang nakasúlat na batás, ginagabayan naman ang komunidad ng “customary laws” o batás-batay-sa-kultura. Kagnay rin, ang konsepto ng moralidad ng katutubong Filipino ay uniberso, sapagkat tumitimbang sa kostumbre at konsensiya.<sup>23</sup> Ilan pang publikasyong de los Reyes na kakikitaan



ng mga katulad na obserbasyon at katangian: *Filipinas: articulos varios sobre etnografía, historia y costumbres del país* (1887), *Historia de Ilocos* (1890), *Prehistoria de Filipinas* (1889), *La religión Antigua de los Filipinos* (1909). Si de los Reyes din ang patnugot ng iláng peryodiko: *El Ilocano* (1889-1896), *La Lectura Popular* (1890-1892).<sup>24</sup>

Sa *El Folklore Filipino*, sa pamamagitan ng mga datos mulâ sa ibinahaging kaalaman (at katalinuhan) ng mga henyong katutubo, mapatutunayan na iisang lahì lámang ang pinagmulan ng mga pamayanang-etniko magkakaibá man ang wika at kultura nitó.<sup>25</sup> Komento ni Anderson, “in this light, folklore would be a mirror held up before a people, so that, in the future they could move steadily along the road toward human emancipation” (2005, 29), datapuwa sa folklore nakikilála na ng tao ang kaniyang sarili labás sa naratibong kolonyal, maaaring isang hakbang na itó patúngong kalayáan.<sup>26</sup> Ganitóng palagay rin ang parehong tinuntungan ng pagtatatag ni de los Reyes sa *Iglesia Filipina Independiente* o ang nagsasarilí at malayàng Filipino ng sambahan. Dahil sa folk-lore, unti-unting nakikilála (o kilála na) ng mga Filipino ang sarili, hindi na magpapadaig sa naratibong kolonyal, makikintal sa isip na káya na nitóng magsarilí o maitatag ang sarili sa nasyong Filipinas.

### Si Manuel sa mga Talakayang Folklore at Identidad na Filipino

Sa pagpapatúloy ng kolonyalismong Americano sa siglo 20, susuportahan ng mga mánanakóp ang etnograpiya at pagsasaliksik sa folk-lore o folklore. Sa unang bandá, ikakabit itó sa mga gawain ng Bureau of Science (ituturing na *ciencia* ang folklore, pareho sa trato rito ni de los Reyes) na sa paglaon ay iintelektuwalisahin sa Unibersidad ng Pilipinas sa pagkakatatag nitó noong 1908 na may sentrong layuning “advanced instruction in literature, philosophy, the sciences and arts” (Alfonso & Bauzon 1985).<sup>27</sup> Mas magiging sistematiko ang pag-aaral sa folklore dahil papandayin sa Antropolohiya at Sosyolohiya (at Kasaysayan) sa UP College of Liberal Arts, 1909. Iinstitusyonalisahin ng Historyador na si Austin Craig ang Anthropology 1 (1914) na ituturò naman ng guròng kemikong-may-interes-sa-antropolohiya-at-etnograpiya,<sup>28</sup> H. Otley Beyer (babansagang “Father of Philippine Anthropology” kinalaunan). Ang deskripsiyon ng kurso: “general instruction to the whole subject of Anthropology; Its history, aims, methods, physical Anthropology, Archaeology, Ethnology, Ethnography, and Language,” na sa madalíng sabi, folklore (*UP General Catalogue*, 1914-1915). Naturalmente, batid nina Craig at Beyer ang simulain ng folklore. Patunay nitó, aakda si Craig ng talambuhay ni Rizal,<sup>29</sup> samantála, Hilagang Luzon (Cordillera) naman ang aaralin ni Beyer, ang lugar ng mga Ilocanong gaya ni de los Reyes.<sup>30</sup> Subalit, ang noong nakakapit na ideolohiyang “folklore ang kokonekta sa búhay at pamumuhay ng katutubong Filipino” ay hindi sisikhay. Ang tuón ng sistematikong pag-aaral sa antropolohiya at folklore ay pagkakaroon ng batayáng kaalaman tungkol sa kasaysayan at kultura ng mga Filipino, ang mga katangian nitó, ang karanasan sa ilalim ng mga

Español, para maging lehitimo ang kolonisasyon at makapagprodyus ng mga mainam na taktikang pampananakop. Ayon sa historyador na si Brandon Joseph Reilley sa kaniyang disertasyong *Collecting the People: Textualizing Epics in Philippine History from the Sixteenth Century to the Twenty-First*,

Mostly ignorant about the culture and history of the archipelago when they invaded, the United States quickly set out to study what it conquered. In a basic sense, this meant familiarizing itself with the Philippines in general, towards which end the colonizers produced an enormous literature on geography, political, and social history of the Spanish regime it had supplanted...Towards this end the US unleashed a veritable army of anthropologists to study these upland people—but never the lowland Christian majority—to showcase their savagery and thereby legitimate its rule. (Reilley 2013, 132-33)

Ikabít natin ang argumento ni Reilley sa *Anthropology and Sociology at UP: Lessons from an Academic Union, 1914-1951* ng antropologo at akademikong si Carlos Tatel, Jr. Mababatid, aniya, na ipinagpatúloy man ang folklore sa UP ay nakipagpatintero lámang itó sa dikotomiyang “Native-West” at tiningnan ang “primitibong” pamumuhay sa kabundukan vis-à-vis sibilisadong komunidad:

**It can be gleaned from an evolving Anthropology curriculum that the discipline had been grappling with idea of “native” which the West (i.e. Euro-American imperialists) had traditionally equated with primitiveness and life at the “margins”—meaning, far-flung communities in the mountains or islands, away from the centers of “civilization” and seat of colonial political power. Meanwhile, glancing through a number of new subjects in sociology, one could think that the discipline had been focusing on urban colonial society and seemed to deal more directly, than anthropology, with the issue of a rapidly changing “civilized” society. Taking cue from the initial results of the early twentieth century American colonial policy of “Benevolent Assimilation” in the Philippines Islands, “civilizing agents” such as education, sanitation and economic development appeared to have correlations with Sociological themes and topics found in UP Catalogues.**

This period when anthropology and sociology were put together under one academic unit saw not only a continuation of pioneer courses that dealt with long-standing issues like “race” or “mountain peoples,” but also the emergence of new subjects which dared to characterize contemporary “social problems” and “social life” with a focus on the lowland and urban societies. **The twenties and thirties decades saw a unique department with two distinct academic agenda: one, to study universal concepts like cultural diffusion and race; and two, to pay attention to particular social issues associated with “modernity” such as crime and poverty.** (Tatel 2014, 118–19; akin ang mga diin)

Ilan sa mga iluluwal na pananaliksik ng mga mag-aarál ng UP ay tungkol sa araling etniko: *Analysis of Racial Types among Christian Filipinos* (1923) ni Ricardo Galang at *The Dumagats of Famy* (1932) ni Generoso Maceda. Manghihikayat ng mga iskolar si Beyer para makasáma sa pakultad at ilán sa mga tutugon sa imbitasyon sina Dean Fansler<sup>31</sup> na magtuturò ng folklore at John Garvan<sup>32</sup> na magtuturò rin ng folklore nang may espesyalisasyon sa mga Manobo [*sic*]. Bukod sa kanilá, mananagumpay rin sa mga larangan ng antropolohiya at folklore ang mga Americano at Filipinong papások (gurò at/o mág-aarál) sa departamento: Fay Cooper-Cole,<sup>33</sup> Frank Laubach,<sup>34</sup> Roy Franklin Barton,<sup>35</sup> Frank Lynch,<sup>36</sup> Wilhelm Solheim II,<sup>37</sup> at ibá pa.<sup>38</sup> Sa *UP General Catalogue* (1948–1949) nakadokumentong papások din bilang guro ng departamento sina John de Young (Associate Professor of Anthropology), Benicio Catapusan (Lecturer in Sociology), at Arsenio Manuel (Instructor in Anthropology and Sociology). Interessanteng tumbukin ang obserbasyon ni Tatel: si Manuel, na isa sa mga pinakamalapít na mág-aarál at student assistant ni Beyer, ang natatanging “sociologist” na miyembro ng parehong pakultad ng antropolohiya at sosyolohiya (Tatel 2014, 131–32).<sup>39</sup>

Hunyo 1927 nang pumasok at naging student assistant sa UP si Esperidióon Arsenio Villarivera Manuel. Siya ang inatasan noon ni Beyer na magmakiniya ng mga pananaliksik (term papers) na isinusumite ng mga mág-aarál (Manuel 1984, 197). Dito nagsimulá ang pagkilála ni Manuel kay Beyer, hindî dahil sa pagtataká niya sa pangangailangang imakinilya ang mga papel, kundi dahil ang maliit na espasyong kaniyang pinaglalaman habang nagtatrabaho ay punóng-punò ng mga koleksiyong Filipiniana<sup>40</sup> na naging mitsa ng kaniyang interes sa larang. Nakapagtrabaho rin si Manuel bilang library apprentice sa UP Main Library (1929) at naging punóng librarian ng UP Law Library pagtápos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa búhay niya bilang iskolar, siya’y nakatápos ng abogasya, masterado at doktorado sa antropolohiya, at higit sa lahat, nakapagtípon ng sariling koleksiyong pang-folklore, nakapagtatag ng mga organisasyon (Philippine Folklore Society), nakapagsaliksik, nakapagharap ng mga papel sa mga kumperensiya, nakapaglimbag ng mga artikulo at aklat, na sa personal niyang paglilista’y umábot sa higit dalawandaan.<sup>41</sup> Si Manuel ay kinalaunang tatawaging “Dekano ng Pilipinong Folklore,” “Father of Modern Filipino Folklore,” at ibá pang pangalan sa gayong gawad.<sup>42</sup>

Sa higit dalawandaan publikasyon ni Manuel, napakò ang atensiyon ko sa maikling artikulong *Ang Folklore o Kaalamang-Bayan sa Pilipinas*, sapagkat narito ang tila sumatotal ng pananaw-Manuel sa antropolohiya at folklore (Manuel 1956, 14).<sup>43</sup> Mababása kasi, lalo na sa masinop at detalyadong talababâ, ang mga naging impluwensiya niya bilang antropologo, folklorista, at kung maaari kong sabihin, “Filipinista” (mulí kong babanggitin sa dúlo ng papel na itó). Lulutang ang “Ideolohiyang Manuel,” na kung ihananay kina Rizal at de los Reyes, tumutuón din sa paghaharaya sa Filipinas.

Una, itinangì niya sa artikulo ang kasaysayan at halagahin ng folklore sa Filipinas. Inugat niya ang gayon sa pagtatalang sa ulat ng mga Español unang mababása ang mga ulat hinggil sa matatandang kaugalian at kapaniwalaang Filipino bágo ang kolonyalismo.<sup>44</sup> Gayunman, idiriin niyang “may isang kakulangan ang kanilang ulat-hindi nilá ginamit ang katutubong wika sa pagtatalá ng mga kathang-bayan” (Manuel 2019, 306).<sup>45</sup> Iisa-isahin niya ang mga publikasyon ng mga nasabing pangalan na sa sapantaha ko’y mga naging saligang babasahín ni Manuel sa simulain ng kaniyang sariling pag-aaral. Itó, kahit na problematiko, ang palagay ko namang kinilála niyang unang yugto ng kasaysayan ng folklore sa Filipinas. “Problematiko” ang iskolarsip sa panahon ng Español sapagkat idiriin sa *A Survey of Philippine Folk Epics* na walang pagpapahalaga sa folklore ang mga kolonisador:

What is remarkable about these accounts is the **meagerness of the information and the lack of appreciation on the part of the Spanish historians and missionaries for the pagan creations of the folk**. Throughout three and one-third centuries of Spanish domination, it was only in the last quarter of the nineteenth century that some attention was given to Filipino folk epics. (Manuel 1963, 6; akin ang diin)

Tatalón ang pagsasakasaysayan ni Manuel sa siglo 19,<sup>46</sup> ang pagusbong ng mga kaisipang ilustrado, na aniya, ang panahong “unti-unting namulat ang mga Filipino sa kayamanan ng kanilang kabihasanan at paalamatan” (Manuel 2019, 308).

Mahalagang sipátin ang naturang sipi. Una, mayroon siyang konsepto ng **pagmulat**. Ikalawa, interesanteng sabihin na tila tiyak ang paggamit ng salitang “**Filipino**” kakabit ng pariralang “kanilang kabihasanan,” na pakiwari ko’y nakaangkla si Manuel sa ideolohiyang ang mga Filipino ay tubong Filipinas na mayroong kabihasanan o sibilisasyon o sa depinisyong ng *UP Diksiyonaryong Filipino*, “maunlad na estado ng lipunan na may mataas na antas ng agham, industriya, at pámahalaán.” Katulad itó ng mga nauna ko nang inilatag na pananaw-Rizal at pananaw-de los Reyes: mayroong nagsasariling sibilisasyon ang Filipinas bágo dumating ang mga Español; para bagang banggit ni Salazar din sa kasaysayan, may liwanag (prekolonyal) saka dumilimil (kolonyal) at sa paglayà ay liliwanag muli.

Sa ikalawang yugto ng kasaysayan ng folklore ibubukod-tangì niya ang *El Folklore Filipino* ni de los Reyes at *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Rizal. Una, babanggitin ni Manuel na ang mga iskolar na nagpasimunò ng pananaw na may kabihasnang Filipino ay magsisimulâ kay de los Reyes na tumaliwas “sa gawing Español na sulátin o italâ ang mga alamat sa wikang Español palibhasa’y napagalaman niya ang halagahin nitó, marahil kay Ferdinand Blumentritt na naging kasulatán niya” (Manuel 2019, 308). May talâ si Manuel tungkol kay Blumentritt, na ipinaliwanag ko na rin sa mga naunang talata: “Malaki ang naging utang-na-loob ng mga Filipino sa pantas

na itó,” kasunod ng pagbanggit sa akdang *Diccionario Mitologico de Filipinas*. Isusunod ni Manuel ang paglilista ng mga pangalan nina Miguel Zaragoza, Mariano Ponce, Pedro Serrano Laktaw, at Pio Mondragon na mga “nagsitúlong sa kaniya [de los Reyes] sa pangangalap” (Manuel 2019, 308).

Ikalawa, may natatangì ring pagkilála si Manuel kay Rizal (at Pedro Paterno). Aniya, silá ay “nagpamalas din ng pagpapahalaga sa mga kaugalian at mga alamat at ng hulí ang siyang nakabanaag ng **liwanag** sa kahulugang makasaysayan na pag-aaral at paghahambing ng mga kathang-bayan ng mga silangánin” (Manuel 2019, 308). Sa kung bakit nakahiwalay at mayroong natatangìng pagkilála kina Rizal at Paterno (gaya ng pagkilála kay de los Reyes), ay dahil sa mga inakda niláng nobela—*Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Rizal at *Ninay* (1885) ni Paterno. “Nakabatay sa kaugalian at kapaniwalaang Tagalog” ang mga nobela kayá silá at ang kaniláng mga nobela lámang ang itinangì at palagay ko, kayá waláng pagbanggit sa ibá pang kakontemporaneong akda ay dahil sa estandard ni Manuel, hindi nakatanim (o kúláng ang pagtatampok) sa kaugalian at kapaniwalaang Tagalog (Manuel 2019, 308).

Nabanaag na umano nina de los Reyes at Rizal (at Paterno) ang “liwanag” kayá ang lohikal sanang karugtong ng historisisasyon ay pagpapatúloy ng gayon. Subalit, ani Manuel, “naunsiyami [palibhasa] ang **damdaming-bayan**” dúlot ng pananakop ng mga Americano “kayá napaugtol ang pangangalap ng mga Filipino” (Manuel 2019, 308).<sup>47</sup> Ang gayong komento, sa aking suri, ay manipestasyon ng politikal na pananaw ni Manuel sa kolonyalismong Americano, na bagaman kikilalanin niyang nakapag-ambag silá sa sistematikong pag-aaral at pangangalap ng ibá-ibáng kaalamang-bayan<sup>48</sup> ay napigilan pa rin nitó ang dapat sanang papalago pang gawaing pang-folklore sa pangunguna ng mga Filipino mismo. Ang mga babanggiting Americanong iskolar ay sina B.L. Maxfield at W.H. Millington, Frederick Starr, Fletcher Gardner, H. Otley Beyer, Laura Benedict, Fay-Cooper Cole, Mabel Cook Cole, R. F. Barton, C. R. Moss, Dean Fansler, John Garvan, at mga misyonerong gaya nina Francis Lambrecht, Alphonse Claerhoudt, at Morice Vanoverbergh. Dapat ding banggitin, sabi ni Manuel, ang iláng mga Filipinong iskolar na tíla “naligaw ng landas o humiwalay sa karamihan dahil sa katutubong hilig o dili kayá’y nalahiran ng mga palaaral na Americano”—Eulogio Rodriguez, Gabriel Bernardo, Leopoldo Yabes, Mariano Manawis, Eugenio Ealdama, Timoteo Oracion, at Amador Daguio (Manuel 2019, 309).<sup>49</sup>

Sa tatlong yugto ng pagsasakasaysayan ni Manuel sa folklore sa Filipinas, hindi maitatatwang pinakamataas ang pagtingin niya sa mga ambag ng mga ilustrado, partikular kina de los Reyes at Rizal—ang mga pasimunò ng kaisipang may kabihasnang prekolonyal at mga nakabanaag ng liwanag. Ganitó ang pagtingin ni Manuel sa dalawa: tinitingalâ bilang una sa pagmumulat at nanguna sa pag-aaral at pagpapahalaga sa folklore túngo sa pag-aakda ng katutubong kasaysayan ng mga Filipino. Sa *Agyu: The Ilianon Epic of Mindanao*:

Perhaps Rizal could not have had the satisfaction just for the same, for was he not involved in finding evidences [sic] of historical import as could be gleaned from his preface to his edition of Morga's and Lam-ang do not give genealogical data nor much historical information and **Rizal's preoccupation then was to look for historical linkages and to awaken "consciousness of our past."** This is understandable in view of his goals, for in the same year he wrote "Two Eastern Fables," in which he compared the Tagalog version of "The Monkey and the Turtle" with a Japanese version, concluding that the latter must have come from the south.

**This aspect of Rizal's concern with Filipino cultural connections identifies one phase of folkloric studies: the comparative-historical or ethnological.** But before such studies could be undertaken with profit, **a corpus of authentic material must be gathered first and made available to all concerned and Isabelo de los Reyes's compilation was in that direction** when he published *El Folk-lore Filipino*. (Manuel 1969, 3-4; akin ang mga diin)

Sa púntong itó, kailangan nating banggitin na sa pagdating ng mga Americano, hindi mismong "iskolarsip" (publikasyon at mga akdang pampanitikan; *UP Diksiyonaryong Filipino*: kaalaman o dunong na nakamit sa pamamagitan ng pag-aaral) nina de los Reyes at Rizal ang sinabi niyang naunsiyami, kundi ang "damdaming-bayan," na palagay ko ay kasingkahulugan (kundi man ay kakambal) ng nasyonalismo. Hihiramin ko ang sinabi ni Reilley: "for Manuel, that same activity was a means of documenting the **national** past, not humanity's" (2013, 181; akin ang diin). Kung gayon nga, nakikita ni Manuel na "nasyonal" ang gawaing folklore. Sa isa pang sipi sa *A Survey of Philippine Folklore*,

**Filipino participation [in folklore] was quite early shown by Isabelo de los Reyes's and Jose Rizal's writings.** This has been insignificant, comparatively speaking, however, because of the lack of continuity until recent times. After independence, there has come about a change of attitude and understanding towards native culture. Whereas in pre-war years the study of backward peoples was frowned upon because of its implication on the Filipino's capacity for independence, **national freedom has aroused an interest in local traditions and Filipino heritage...** This development is gaining in seriousness and is bringing about a windfall in folkloristic studies. (Manuel 1962, ii; akin ang mga diin)

Kawangis itó ng pananaw ni de los Reyes sa folklore bílang rekurso ng pagbubuo ng nasyon: "**folklore was a resource for nation formation** and not something merely ethnological. In calling for the recovery and study of the people's knowledge, **he [de los Reyes] envisioned a 'national' project**, one that was not executed by one person but involved everyone. He saw the native not only as a privileged

informant but as his own country's scientist and scholar" (Mojares 2013, 6).

Mayroon pa táyong mapipigâ sa mga pahayag na itó ni Manuel. Hinggil sa sistematikong pananaliksik sa folklore, bagaman nauna si Rizal sa karampatang pagkilála sa katutubong kultura at kasaysayan, "before such studies could be undertaken with profit, **a corpus of authentic material must be gathered first**" (Manuel 1969, 4). Sa madaling sabi, kolektahin muna ang folklore bago suriing historikal at etnolohikal. Sa ganitó pag-uugnayin lagi ni Manuel sina Rizal (sumuri) at de los Reyes (kumolekta), na, sa kaniyang pagdating ay mamarka naman ng linya ng iskolarsip kapisan ng sa naunang dalawa. Sa katunayan, ang mga unang publikasyon ni Manuel ay Rizal: *Did Rizal Favor the Revolution? A Criticism of the Valenzuela Memoirs* (1934), *'On the New Orthography of the Tagalog Language' by Jose Rizal, transl. from the Spanish* (1935), at ibá pa. Samantálang sa halos lahat ng kaniyang saliksik palaging lilitaw ang pagpapahalaga niya kay de los Reyes, partikular sa *El Folklore Filipino*.<sup>50</sup> Halimbawa na rin, kahit na masugid na mág-aarál ni Beyer si Manuel, pupunahín pa rin niya ang kakulangan ng Americanong gurò sa metodong folklore, alalaong-baga'y hindi folklorista si Beyer:

My interest in folklore study was first stimulated by the Folklore course I took with Prof. H. Otley Beyer. He instructed his students to gather myths, legends, folktales, folksongs, games, riddles and proverbs which were current in their birthplaces and hometowns, but he said nothing to us about methodology. Later, I also took a course in world literature and taught by Prof. Dean S. Fansler who asked us to submit term papers on any aspect of ethnic literature, whether oral or written. I decided on submitting one on oral literature—Tayabas Tagalog songs...Both Beyer and Fansler hardly touched methodology. Fansler, however, paved the way for the historical interpretation of tales in his magnum opus, "Filipino Popular Tales" (1921). In this manner Fansler became an outstanding folklorist but Beyer remained the big-time collector (Manuel 1980, 9).<sup>51</sup>

Makikilála si Manuel sa larangan ng folklore dahil sa sinop at husay ng kaniyang mga gabay sa metodo.<sup>52</sup> Maraming mga kasabayan at nakababatang iskolar si Manuel na gagalangin ang gayong talím sa praktika ng mga saliksik-folklore. Ilán sa kanilá sina Elena Maquiso,<sup>53</sup> Ma. Delia Coronel,<sup>54</sup> Francisco Demetrio,<sup>55</sup> F. Landa Jocano,<sup>56</sup> Damiana Eugenio,<sup>57</sup> at marami pa. Sa tuwina'y babanggitin nilá si Manuel at susundin hindi lámang ang kaniyang mga gabay, patí ang taksonomiya ng folklore at susundan yaring mga publikasyon.<sup>58</sup>

Nakikita rin ba ni Manuel ang marangal na tungkulin ng folklore sa pagbubuo ng nasyon? Oo. Kaniyang paninindigán, "**upang makatulong sa pagbuô ng isang damdaming makabayan at lalong**

**madama natin ang tunay na pagka-Filipino, kinakailangan nating pag-ukulan ng pansin at pag-aaral ang ating kabihasanan muna”** (Manuel 2019, 312; akin ang mga diin). Sa *Documenting PhilippineAsian: An Inquiry of the Filipino People, their Early Culture and Prehistory before the Christian Era* pambungad na talakay niya ang “The Problem of National Identity” na ang layunin ay makapaglatag ng mga argumentong mag-aakda ng kabihasnang Filipino sa panahong walâ pang Español. Ang gayon, sasabihin niya, ay masasagot kung uukilkilin ang kultura at kamalayang Filipino: “a refinement of the findings or a general consensus can come about on the fundamental problem regarding our origin as a people, which includes the bases of our culture, customs, beliefs, practices, values, thoughts, and national behavior” (Manuel 1994, 1).<sup>59</sup> Dagdag pa, ang tunguhin ni Manuel sa kaniyang mga pag-aaral:

Ang **kaalamang-bayan** ay isang sangay ng palatauhan (anthropology) na ang layunin ay upang pag-aralan at maláman ang pinagmulan ng tao at kasaysayan ng sangkatauhan at ang pag-unlad ng tao sa kabihasanan. Ang pag-aaral ng kaalamang-bayan kung gayon ay nauugnay sa pagbuò ng kaalamang itó, lalo na sa pagkakabatid sa paniniwala ng mga tao at kaniláng alamat. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba’t ibáng kultura, maaaring maliwanagan ang pinagbuhatan ng lahi at naging kasalamuha nitó sa kaniyang napakalawig na kasaysayan at kung paano nabuò ang kabihasnang katutubo. **At makapagbibigay-liwanag sa pinagmulan, pinagdaanan, at kasalukuyang lakad at hilig ng panitikang sarili.** Sa madaling pangungusap, ang sangay na itó ng palatauhan ay katatagpuan ng mga batayan ng ating matandang kabihasanan at kasaysayan bago dumating ang mga Español sa ating lupàin at kaugnayan nitó sa ibáng lahi at kabihasanan, at **maunawaan ang yaman ng sariling panitikang-pambayan, mga pagbabago at pagkakaugtol nitó, at pag-unlad ng mga bágong kaanyuan sa kasalukuyang panitikan.** (Manuel 2019, 311; akin ang mga diin)

Masasabi kong inilaan ni Manuel ang kaniyang búhay sa pangangalap, dokumentasyon, at kritikal na pang-unawa sa folklore o kaalámang-bayan ng mga katutubong Filipino sa Filipinas. Naipamamalas itó ng mahaba niyang listahan ng mga naisulat na papel-pananaliksik, dinaluhang kumperensiya, itinatag at sinalihang mga organisasyon, at mga unibersidad na pinagturuan sa loob at labas ng Filipinas. Iskolarsip ni Manuel ang unang sinasangguni ng mga mánanaliksik na interesado sa araling epiko, panitikang-bayan, panitikang-oral, kaalamang-bayan, at iba pang mga paksain sa wika at lingguwistiks, antropolohiya, sosyolohiya, kasaysayan, at agham pang-aklatan (library science) at hindi maaaring mawaglit ng sinumang iskolar sa kaalamang-bayan ang mga seminal na publikasyong Manuel na naghawan ng daraanan ng mga folklorista sa kasalukuyan. Una sa listahan ang apat na bolyum ng *Dictionary of Philippine Biography*



(1955, 1970, 1986, 1995). Walâ pang nakahihigit sa koleksiyong itó ng mga talambuhay ng mga Filipinong may malalaking kontribusyon sa kabuoan ng Filipinas bilang isang báyan. Ani Manuel, ang mga nása kompendiyo ay mayroong “[significant contribution] to Philippine life or progress in any of its varied aspects or to the welfare of the Filipino people, or excelled in some intellectual pursuit, in his or her chosen profession or field, or is remembered for pioneering venture or sacrifice made for the country (Manuel 1955, x).”<sup>60</sup>

Malalimang interes ni Manuel sa pagbubuô ng mga bibliyograpiya at paglilista ng mga koleksiyon. Ayon sa kaniyang awtobiograpiya, malungkot ang unang karanasan niya sa pagtatrabaho sa mga aklatan ng UP dahil hindi nilá masagot ang mga tanong ng mga iskolar sa kaalamang-bayan at Araling Filipino sapagkat kundi kalát-kalát ay hindi talaga available sa aklatan ang kailangan ng mga mág-aarál (Manuel 1989, 158). Bunsod nitó kayâ nagpasimunò siya ng proyektong paglilista, sa gabay ng librarian na si Gabriel A. Bernardo (159). Sasápit ang Digmaang Japon at masusunog ang tatlong pangunahing aklatan ng Filipinas–UP Library, National Library, at mga aklatan sa Intramuros (162). Maraming nawaláng aklat, kayâ naging personal niyang adbokasing makaahon sa trahedyâ; mas lalo siyang nagsigasig sa pagbubuo ng mga bibliograpiya at mga katalog pang-aklatan (163).

Pinakaginagamit sa panunuri at mismong akto ng pananaliksik ang *Guide for the Study of Philippine Folklore* (1985), sampu ng ibâ pang publikasyon ni Manuel na tumatalakay sa metodo at balangkas teoretikal na dapat mabatid ng sinumang folklorista. Para kasi sa kaniya, parehong marangal at masalimuot ang gawaing pangkaalamang-bayan dahil kaluluwa ng mga pangkating-etniko ang inaaral dito. Aniya, dapat na sanáy at may sapat na kabatiran sa mga tekstong oral ang sinumang iskolar, magkagayo’y pilit niyang ipinapáyo ang labis na pag-iingat sa saliksik. Mapipiga ang gayong paalala ni Manuel sa isa pang kaugnay na papel: *Folklore Awaits Discovery* (1978). Update tungkol sa lagáy ng iskolarsip sa kaalamang-bayan ang naging pundasyon ng artikulong itó. Sinimulan ni Manuel sa pagpapakahulugan sa salitang folklore at sa marangal na tungulin ng folklorista na namamangkâ sa agham panlipunan at humanidades (sapagkat bukod sa pagrerekord ay nangangailangan ang iskolarsip ng maglilimbag at mag-aanalisa ng mga tradisyong isasateksto) (Manuel 1978, 32). Gayundin, pinakamahalagang dapat tunguhin sa araling folklore ang sosyokultural na konteksto ng mga lugar at panahong inirálan ng mga kuwentong-bayan. Diin niya, “folklore studies could be one of the handmaidens of prehistoric studies” (32b). Isa pa, sa ganang iskolarsip din mas maiintindihan ang pagiging Filipino lalo pa kung seseryosohin ang analisis sa mga nilikom at lilikumin pang oral.

Noong 1973, inilabás ang librong *Manuvu’ Social Organization*, detalyadong paglalarawan sa kalagayang panlipunan ng mga Manuvu’ sa Mindanao. Siniyasat ni Manuel ang pag-uuring panlipunan, tradisyon at panitikang oral, politika, ekonomiya, at ibâ

pang mga salik sa pagpapaunlad (at/o pagpapanatili) ng pamayanan. Naging muhón ang librong iyon ng matatawag na matagumpay na etnograpihong pananaliksik dahil naglalaman ng epektibong akademikong pagtanaw sa búhay at pamumuhay ng isang pangkat ng mga katutubong Filipino at kung paano iyon ginamit sa pagpapatatag ng identidad na Filipino at pagpapalalim ng diwang makabayan. Tandâ ng dami ng mambabasa nitó ay ang muling paglilimbag ng UP Press ng binágong edisyon noong 2000 na hanggang sa kasalukuyan ay mabibili pa rin sa naturang palimbagan.

Sa pagpapatúloy, hindi maikakailang marami nang mga pag-aaral tungkol sa kaalamang-bayan ang kumilála kay Manuel dahil sa kaniyang hindi matatawarang iskolarsip. May mga iskolar na ring naunang bumaybay sa kaniyang búhay, pagsasaliksik, at publikasyon at naglátat ng halagahing “maka-Manuel” sa ibá-ibang diskursong pangkasaysayan, pangkultura, at pampanitikan.

Sa serye ng mga antolohiya ni Eugenio, *Philippine Folk Literature*, dadakilain ang kontribusyon ni Manuel sa dokumentasyon, koleksiyon, at pag-aaral sa folklore.<sup>61</sup> Gayundin sa ibá pang mga akda gaya ng *Ang mga Epiko ng mga Pilipino* (1970) nina Antonia Villanueva at Adelina Permato Estacio, *Tales of Long Ago in the Philippines: Realms of Myths and Realities* (1990) ni Maximo Ramos, *A Tradition Behind Bars: Philippine Epics and the Evolving Philippine Literary Canon* (1977) ni Angelito Santos, *Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas* (1984) nina Jovita Ventura Castro, Antolina Antonio, Patricia Melendrez-Cruz, Josefina Mariano, at Rosella Jean Makasiar-Puno, *Literature of Voice: Epics in the Philippines* (2005) ni Nicole Revel, *Philippine Literature: A History and Anthology* (2005) ni Pambansang Alagad ng Sining Bienvenido Lumbera at ni Cynthia Nograles-Lumbera, at marami pang ibá. Isa sa *Tatlong Kampeon ng Epikong-Bayan sa Pilipinas* ang bansag ni Eufrazio Abaya kay Manuel, sa papel-pananaliksik na limbag ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining. Ani Abaya, “kinikilála ngayon ng mga iskolar at mananaliksik si Manuel hinggil sa institusyonalisasyon ng Araling Folklore” (Abaya, 2020, 28). Sa isa pang sipi, babanggiting dapat kilalá ng sinumang iskolar ng folklore ang pagsasaliksik at mga pananaliksik ni Manuel: “Hindi matatawaran ang yaman na naiambag ni E. Arsenio Manuel bílang akademistang antropologo at folklorista sa pagsasaayos ng teorya at praktika sa pag-aaral ng karunungan-bayan...Anumang pagtatangkang pag-aaral sa epikong-bayan ng Filipinas at hindi kompleto kung hindi mababanggit ang mga kongkretong kontribusyon ni E. Arsenio Manuel sa teorya at metodo ng araling folklore na malaki ang impluwensiya ng kanyang pagiging antropologo” (Abaya 2020, 36). Bukod pa sa mga inilista ang nása 127 na tesis at disertasyong may “oryentasyong Manuel” na nakatipon sa UP Diliman Main Library at E. Arsenio Manuel Anthropology Library.<sup>62</sup>

Sa *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*, teteorisahin ni Mojares na sa mga epikong-bayan posibleng nagsimulá ang pagnanaratibo (“narrative tradition” na

sa mga susunod na kabanata ay pipinuhin niyang “nobela”) sa Filipinas. Ganitó niya itinuring ang mga epiko: “the epics are the most consequential for this study, marking as they do one of the primary stages in the narrative tradition. They have been justly called ‘the pieces of enduring value in traditional Philippine literature, the representative specimens par excellence of that literature’” (Mojares 1983, 11). Sisikapin ni Mojares na ipaliwanag ang pinagmulan ng nobela, lalo na sa unang kabanata, sa pamamagitan ng paghahawan ng mga pananaliksik at mga teoryang pang-folklore ni Manuel. Sasabihin kong ginamit ni Mojares ang mga pananaliksik ni Manuel para mapagtibay ang pundasyon ng kaniyang mga argumento tungkol sa tradisyon ng pagnonobela sa Filipinas.

Sa tanong naman na *Bakit Manipis ang Tsapter Hinggil sa Panitikang-Bayan?* sasabihin ni Pambansang Alagad ng Sining Virgilio Almario na may “anomalya” sa pambansang edukasyon ng Filipinas sapagkat sa tuwing tatalakayin ang korpus at kasaysayan ng panitikang-bayan bago umiral ang panahon ng kolonyalismong Español ay lagi na lang itóng manipis kompara sa panitikang umusbong mismo sa panahong kolonyal, propaganda, at Himagsikan (Almario 2018, 1). Ang palagay ni Almario, bunga itó ng mahinang saliksik pampanitikan, hindi maingat na saliksik, mis-edukasyon hinggil sa katutubong panitikan.<sup>63</sup> At kung mayroon mang dapat tingalain o tularan man lámang sa kisig, si Manuel iyon. Wika ni Almario, “ang totoo, bukod sa maituturing ang survey ni E.A. Manuel na unang makabuluhang comprehensibong saliksik ng isang Filipino hinggil sa mga epikong-bayan, itó ay maituturing ding isang maingat na imbestigasyon upang magtuwid hinggil sa paksa” (Almario 2019, 5). Alalaong baga, para makaiwas sa panganib ng “fake-lore,”<sup>64</sup> kailangang maging maingat at masinop ng sinumang iskolar–katulad ng mga ipinamalas ni Manuel (Almario 2019, 10; Lopez 2006, xiv; Abaya 2020, 32).<sup>65</sup>

Isang pambihirang publikasyon ang *Ang Epikong-Bayan at ibá pang Aralíng Folklore* sapagkat ang aklat ay naglalamán ng sálin ng mga natatanging sanaysay ni Manuel na sininsin sa pitóng tipák: (1) Survey ng mga Epikong-Bayan ng Filipinas; (2) Isang Pagsusuri sa Iskolarsip ng Panitikang Oral sa mga Unibersidad sa Filipinas; (3) Pagpapakilala sa Philippineasian; (4) Metodo ng Pagsusuri ng Karunungan-Bayan ng Filipinas; (5) Mga Piraso ng Awit ng Tagalog Tayabas mulá sa Lalawigang Quezon, at ang mga maiikling akdang (6) Ang Folklore o Kaalamang-Bayan sa Pilipinas; at (7) Ang Tanaga sa Panulaang Tagalog at Filipino. Ang pinakatampok ay ang introduksiyon ni Galileo Zafra, *Paghahawan: Ambag ni E. Arsenio Manuel sa Filipinong Iskolarsip sa Kulturang-Bayan sa Filipinas*. Kung tutuusin, sa 25-pahinang panimulâ, pagkukuwento at panunuri na itó sa búhay at pananaliksik ni Manuel: (1) Pag-uugat: Búhay at Karerang Propesyonal ni E. Arsenio Manuel; (2) Pag-aani: Mga Pag-aaral at Publikasyon; (3) Pag-aaral sa Kaalamang-Bayan at Panitikang-Bayan; (4) Pag-aaral sa Epikong-Bayan; (5) Pag-aaral sa Wika; (6) Pag-aaral sa Pamayanang Pangkultura; (7) Pag-aaral sa Biograpiya; (6) Gabay

sa Pananaliksik; at (7) Pagpapayabong: Ang Kabuluhan ng Ambag ni E. Arsenio Manuel sa Kultura at sa Bayan. Sinabi ni Zafra na sa pagrepaso sa búhay at mga nagawa ni Manuel mas nagiging kongkreto ang batayan ng mga parangal sa kaniya. Gayundin, binigyang-hugis umano ni Manuel ang kultura ng bayan at ang bayan mismo. Aniya,

Una, nakabuô siyá ng isang lawas ng mga pag-aaral na may tiyak na kontribusyon sa larang ng panitikang-bayan at kaalamang-bayan, gayundin sa pag-aaral sa mga pamayanang-etniko...Ikalawa, naitampok niya ang kahalagahan ng pananaliksik sa larangan ng kultura upang patatagin ang identidad na Filipino at lumikha ng kaalaman mulá sa pananaw na Filipino...Ikatlo, nakasulat siyá ng mga gabay na nagbibigay kaalaman at kasanayan sa mga susunod pang henerasyon ng mananaliksik. Hindi sinarili ni Manuel ang kanyang mga kaalaman at kasanayan na hinubog ng pag-aaral, pagpapakadalubhasa, at karanasan (Zafra 2019, 26–27).

Makapal ang mga impormasyong na kay Zafra, pero ang pinakaambag nitó sa iskolarsip ay ang mala-matanglawing analisis sa pagsasaliksik at mga pananaliksik ni Manuel. Sa katunayan, ang paghihimay niya’y hindi ikinulong sa antropolohiya at folklore, Aralíng Filipino na sa pangkalahatan—wika, kultura, panitikan, politika, malikhaing pagsulat, at ibá pa. Sa isang artikulo ni Almario ko hihiramin ang pagpapakahulugan sa Aralíng Filipino: “isang pambansa at makabansang identidad (sa kásong itó’y disiplina) na susubaybay at papatnubay sa pagkakaisa at pagsulong ng pagkilos ng sambayanan at ng pamamahalà sa búhay at kabuhayan ng bansa” (Almario 2021).<sup>66</sup>

Malawak na ang saklaw ng *Ang Epikong-Bayan at ibá pang Aralíng Folklore* pero hahanapin pa rin ng sinumang babása ang mga naging impluwensiya ni Manuel at ang iskolarsip niya kompara sa mga kakontemporaneong Filipinista. Ang bása ko, sinimulan na ni Zafra ang “Manuel sa Aralíng Filipino” o “Aralíng Manuel” pero nauhaw na masundan kaagad, lalo na sa sinimulang talakay sa pagpapaigting ng pambansang kamalayan sa paraang pang-folklore. Halimbawa, sa *Guide for the Study of Philippine Folklore* sinabi ni Manuel na “the returns for pioneering work or significant writings on the traditional literature of any ethnic or social group is eternal: lasting remembrance for the student by the ethnic or social community studied, and most likely even by the nation itself” (Manuel 1985, 4). Mulá rito ang pangkalahatang suri ni Zafra na “ganitó marahil ang pananaw ni Manuel tungkol sa pananaliksik tungkol sa kaalamang-bayan, o sa kulturang Filipino sa pangkalahatan, dahil batid niyang sa kahulihulihan, ang mga pag-aaral ay para din sa kapakinabangan ng mga pamayanang-etniko at ng buông pamayanang-pambansa.” Nais ko ring ilapág ang panawagan ni Zafra sa mga kontemporaneong iskolar: “kung muli lang nating pag-uukulan ng pansin ang mga naisulat ni E. Arsenio Manuel, tiyak na yayabong pa ang kanyang mga naipunla” (Zafra 2019, 28).

Sa ngalan ng pag-uukol ng pansin, hindi maaaring hindi banggitin ang disertasyon ni Reilley noong 2013, *Collecting the People*, na pangunahing layunin ay pag-aakda ng kasaysayan ng epiko na siya namang umugat kay Manuel mismo. Isang kabanata ang inilaan niya sa kaniya, “The Garden of E. Arsenio Manuel,” sa pagsasabing:

Each recorder made their particular contribution to the enterprise of collection but in terms of writing about the importance of the epic genre—its formal features, history, meaning, methods for collecting, value—none of them wrote as voluminously or passionately as Manuel. More than any other single collector, it was Manuel who indefatigably worked to articulate and campaign for the importance of the epic genre in the post-independence Philippines. As one of his colleagues put it in a paragraph devoted to a single sentence: “The dean of them all is the Filipino Pioneer E. Arsenio Manuel whose contributions to folklore theory and research in the Philippines is remarkable.” (Albuero 1992, 211)

Paninindigan ni Reilley na ang mga saliksik ni Manuel, “a nationalist,”<sup>67</sup> ay higit pa sa dokumentasyon at koleksiyon, kundi malinaw na “anti-colonial resistance”<sup>68</sup> at manipestasyong ang folklore ay maaaring gamiting batayan sa pagbubuó ng pambansang panitikan at kulturang Filipino (Reilley 2013, 181–82). Natatangì, sasabihin pa niya, na “Manuel, contended, **the Filipinos could become one people**; through his process the differences of culture, language, region, etc., would be effaced” (Reilley 2013, 183).<sup>69</sup> Gayunman, kung may pupunahín, dahil pagbagtas sa kasaysayan ng epiko (at pag-aaral dito) ang tuón ni Reilley, manipis ang naging talakay niya hinggil sa mismong proseso ng paghaharaya ni Manuel sa Filipino at Filipinas. Ang nais kong tanungin: kung “nasyonal” ang kaisipang Manuel, bakit ang tuón ng kaniyang mga saliksik ay bugkos sa Manuvu’ (dagdag sa Quezon at Katagalugan)? Isa pang tanong, ang antkolonyal at nasyonalistang saliksik ni Manuel ba’y maikakabit sa usapin ng diwáng kalayàan, gayong ang “nasyon” ayon kay Rizal ay may indikasyon ng “political independence”<sup>70</sup> Paano itó maikakabit (o maikakabit nga ba?) sa konsepto ng kalayàan mulá sa Kilusang Propaganda, Katipunan, Sosyalismo, hanggang sa mga kontemporaneong kilusán?

Kung mas maghihigpit pa sa panunuri, hindi sinuyod ng may-akda ang hitso ng pag-aaral ni Manuel. Pinili lámang niya ang mga publikasyong mayroong direktang kaugnayan sa epiko, naturalmente epiko kasi ang tuón ng kaniyang saliksik. Kúlang itó kung kaisipáng Filipino at ideolohiyang-Manuel talaga ang nais mabatid. Gusto kong igiit na bagaman sasabihin nga ni Manuel na epiko ang pinakanatatanging impukan at kuhanan ng kaalamang-bayan, kung kikilalanin siyang “haligi ng folklore” ay kailangang saklubin pati pananaw ni Manuel sa ibá pang aspetko nitó—sa loob man o sa labas ng epiko (teksto) at pag-eepiko (praktika). Tungkol pa rin sa paghaharaya sa nasyon at pagbubuó ng identidad: ang panghihimasok ba ni Manuel sa mga usaping pangkasaysayan,

pangkultura, at pampanitikan sa panahon ng Diktadurang Marcos (halimbawa, sa pagmamapa ng kaniyang mga publikasyon, pumpon nitó'y nása panahon ng diktadura, kasáma ng pagpapatnugot niya sa propagandang aklat na *Si Malakas at Si Maganda*<sup>71</sup>) ay makadaragdag sa analisis hinggil sa diskursong antkolonyal at nasyonal? Ang “nasyon” ba sa harayang Manuel ay kakabit ng usaping kalayáan at kasarínlan at kaunlaran (kultural man o ekonomiko)? Maaring ikabig dito ang mismong mga tanong ni Megan Thomas sa *Orientalists, Propagandists, and Ilustrados: Filipino Scholarships and the End of Spanish Colonialism*:

Does ‘nationalist thought’ comprise the thoughts articulated by those who conceive of themselves as being members of a nation, or does it more specifically refer to arguments defending or promoting the nation as the basic political unit? Does ‘nationalist thought’ defend nationalism as a general principle, or does it champion the existence, value, and political destiny of a *particular* nation? Is thought that conceives of a people sharing a language, culture, or history necessarily ‘nationalist’ and, conversely, must nationalist thought be expressed in terms of ‘people’, ‘culture’, or ‘race’? (Thomas 2012, 7-8)

Sapagkat kung sa sapantaha ni Manuel ay may panahon ng pagmulat, pagkabanaag sa liwanag, pagsisiwalat ng kasaysayang hindi kolonyal, pagpapatatag ng identidad ng mga Filipino, at pagbubuô ng Filipinas, ang pagkamit ba ng mga nabanggit ay indikasyon ng pagbubuô (o pag-aakda) ng makabágong yugto ng nasyon (o bayan) at kasaysayan (postkolonyal)? Kung sisikapang sundan o dugtungan o tugunan ang mga inilistang tanong, iaangat kung ganoon ang mga talakayan tungkol kay Manuel, ngayon hindi na láng bílang folklorista, bagkus, nauna ko nang isinantabi at pinangunahan na rin ni Zafra, “Filipinista” sa láwas ng Araling Filipino.

Inilapag ko lang naman ang idea ng pagiging Filipinista pero kung sisisirin pa nga ang balón ng mga pag-aaral ni Manuel, hindi “Filipino” kundi “Philippineasian” ang inihain niyang identidad ng mga mamamayan sa “Philippineasia.” Sa pamamagitan ng kritikal na kaalámang pangkasaysayan at lingguwistiks at folklore ipaliliwanag sa *Pre-Proto Philippinian* (1966), *Introducing Philippineasian* (1991), at *Documenting Philippineasian* (1994) lalo na sa pagsasapopular niya ng identidad na Philippineasia o Philippineasian na lumalabás na nauna pa táyo sa mga Austronesian at inilalagay niya ang kasaysayan at kultura ng báyan na mas Asiano kaysa Europeo at Americano. Ani Manuel,

...we call this stock Philippineasian, for this term is not only descriptive of the history of this group of languages but is more fitting because it is more accurate historically as we have attempted to demonstrate in this paper. The first component *Philippi* - is derived from King Philip II of Spain (the Sp. name is spelled Felipe) after whom Villalobos named the archipelago

or a part of it in 1543, contained in - *nes* - or the Spanish term ending in - *nas* which means "islands"; and the third element - *asian* which is in the name of the mainland from where the ancient peoples came from, the - *nes* - and - *asian* coalescing in - *nesian*. By using this term, it is hoped to avoid the narrow term Filipino which is a creation of historic times in origin and development, for this term applied only to natives of the country in the 19th century, formerly referring only to the children of Spaniards both in the country and Spaniards themselves. The pejorative reference which the term carried at one time or another (at one time our distinguished citizen and author Carlos P. Romulo said that the Igorots of the former Mountain Province were not Filipinos) is done away with; and the prior settlement of Philippineasia by our proto-ancestors is upheld. Lastly, the use of the term Malay or Proto-Malay is relegated to the background or rejected because the Malays were the end-products of the Proto-Austronesians or Proto-Philippineasians. The Malays were not our ancestors, it was rather Proto-Austronesians or Proto-Philippineasians who were the descendants of a still more ancient stock of Proto-Asians who were Mongoloids. (Manuel, 1991, 42)

Panandang-bató ang *Introducing Philippineasian* ni Manuel, lalo na sa mga pag-aaral sa wika, dahil paninindigan niyang monosyllabic ang sinaunang porma ng mga salitang hindi lang Tagalog, kundi ng mga wikang Proto-Austronesian, na taliwás sa seminal na pananaliksik ni Peter Bellwood, *Prehistory of the Indo-Malayan Archipelago* (1985). Naging halimbawa niyang salitâ ang *kan* na patungkol sa pagkain sapagkat *kan* ang wordbase ng *kaen*, *kain*, *kaan*, *kaun*, at mga katúlad nitó sa mga wika sa Filipinas. Isa pa ang *bay* na tumutumbok naman sa *bahay* mulâ sa obserbasyon sa *bahay*, *balay*, *bali*, *bale*, *baoy*, at sa ugat ng *bayan* (lugar na maraming *bay* o *bahay*).

Tungkol naman sa pagtatáo sa Filipinas, mauunawaan ang pagkilíng ni Manuel sa *East Asian River Systems Theory* ni Fr. Wilhelm Schmidt (sic) at mga teoryang Beyer, bagaman pupunahin niyang mulí ang nahulí dahil kúlang sa mga mahahalagang ebidensiya. Sinusuportahan niya ang palagay nina David Thomas at Alan Healey sa *Some Philippine Language Subgroupings: A Lexicostatistical Study, Anthropological Linguistics* (1962) na kailangan umangon magkaroon ng báhong pang-unawa at pag-uuri sa mga wika sa Filipinas para mas maintindihan ang identidad ng mga Filipino. Angkla rito ang pagigiit ni Manuel sa posibilidad na mas matandâ pa nga ang Philippineasia kaysa sa Chamic, Malay, at iba pang mga lahì (at wikang) Austronesian. Nagkataon lámang na noong panahon ng kolonyalismo, Maláyo ang nakasáma nina Magellan at nauna ang mga lingguwistikong pag-aaral kaysa antropolohiya kayâ aakalaing sumunod lámang ang Philippineasia sa Indonesian o Maláyo.

## Pagpapalawig pa sa mga Diskursong Manuel

Kinakalkal ko pa rin hanggang sa ngayon ang binhi ng usaping Philippineasia ni Manuel pero ipinapalagay kong dito higit na nakatuón ang kanyang búhay-iskolar at sa mga hiblang itó kayâ pauna ko nang inilalápit ang bansag na “Filipinista” lalo na’t naghahandog ng mga palagay sa identidad ang kaniyang mga publikasyon.

Hindi dapat kaligtaang si Manuel mismo ay mayroong pag-aaral tungkol sa mga sariling pananaliksik na pumapalò sa dalawandaan. Pinatnugutan nina Angelito Santos at Juan Francisco ang bolyum ng *Philippine Humanities Review* na naglimbag ng *A Checklist of the Writings of E. Arsenio Manuel, 1933-1983 as Listed and Annotated by Himself* (1984).<sup>72</sup> Naglalamán itó ng komprehensibong talâ ng mga limbag na publikasyon ni Manuel at kuwento ng kaniyang karerang akademiko mulá sa sariling pag-alála. Bukod dito, sa introduksiyon ng *Notes on Philippine Folklore* (1955), *The Maiden of the Buhong Sky: A Fragment of the Bagobo Tuwaang Epic Cycle* (1958), *A Survey of Philippine Folk Epics* (1963), *Agyu: The Ilianon Epic of Mindanao* (1969), *A Review of Oral Literature Scholarship in the Philippine Universities* (1976), *Philippine Oral Traditions: Theory and Practice* (1980), *Harvest of Songs: Constituting the Manuvu' Tuwaang Cycle* (1999), at ibá pa, sinikap ni Manuel na ipaliwanag ang sarili bílang iskolar–mga paraan sa pagsasaliksik, konsiderasyong politikal at etikal at pilosopikal, at ibá pang mga isinaalang-alang sa kabuoan ng bawat pag-aaral. Minsan na ring may pagpuná sa sarili, halimbawa, sa *Manuvu' Social Organization*, iwinasto niya ang nauna niyang akdang *Bagobo Riddles*<sup>73</sup> sa pagsasabing hindi tumpak ang paggamit niya ng “Bagobo” dahil sa ikatlong field work sa pamayanang-etniko, napag-alaman niyang “Manuvu’” ang “self-identification” ng mga táo sa loob ng pamayanan. Aniya, hindi niya prinoblema ang “Bagobo” noon kayâ sa bágong akda’y itinatama na niya ang kaniyang sarili, bitbit ang mga natisod na impormasyon mulá mismo sa bibig ng mga informant (Manuel 2000, 12-17). Tanong: Bakit dinodokumento at pinupuná ni Manuel ang sarili sa tuwing naglilimbag ng mga pag-aaral? Sa mismong pahayag niya, “we are making this statement for others to pursue on” (Manuel 1999, 3).<sup>74</sup>

Nais kong tugunan ang sapantaha ni Manuel na maipagpapatúloy ang pagtataguyod ng kaniyang mga itinanim sa araling folklore. Sa pag-aaral na itó, preliminaryong itinataguyod ang kaalamang-bayan sa pagpapatatag ng identidad na Filipino at Filipinas bílang isang nasyon. Ngunit ang gayon ay masisimulan lámang kung ilalabas na ang mga diskursong Manuel sa antropolohiya at folklore at dokumentasyon at pagtitipon; kayâ kailangan na siyang ipook bílang Filipinista para maihanay na rin sa mga paham na itinuturing na gulugod ng Araling Filipino. Gayundin, **kailangang sagutin sa kasalukuyang pag-aaral ang mga tanong at aspektong hindi pa naliligid (o kinúlang sa asersiyon) ng mga naunang iskolar para patunayang nasyonalista nga si Manuel, at ang kaniyang iskolarsip, sa kasaysayang intelektuwal ng mga Filipino, ay may halagahin sa patúloy nating paghahanap sa kaganapan at kabuoan ng ating mga**



**sarili.** Bunsod nitó, kailangang makapagprodyus ng mga analisis at pagdalumat sa konsepto at sa mismong praktis ni Manuel ng paghaharaya ng/sa nasyon at sambayanan tungo sa paninindigang pagbubuô o pag-aakda o paghaharaya sa Filipinas ang ugat at kabuluhan ng kaniyang di-matatawarang pag-aakda ng mga saliksik na hanggang sa kontemporaneong panahon ay sinisikap pa ring pantayán o sundan. Higit pa sa talambúhay, itutuón itó sa pagiging iskolar ni Manuel—mga impluwensiya sa larangan, mga kakontemporaneong folklorista, at ang pagiging Filipinista niya. Narito rin ang mga binása ni Manuel, sa madaling sabi, pagmamapa ng mga sanggunian niya sa mga iniluwal na pag-aaral. Ang ganitóng proyekto ay maglalamán pa ng analisis sa pag-aakda ni Manuel sa Filipino at Filipinas na tinatawag kong “paglalakbay sa ulirát.”

### The Author

JOHN CARLO SANTOS is a literature instructor in the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman. His research focuses on E. Arsenio Manuel, folklore, and folk epics.

### Mga Hulibabâ

1. Ang papel na itó ay bahagi ng mga panimulâng talakay sa aking isinusulat na masteradong tesis tungkol sa iskolarsip ni Esperidiñon Arsenio Villarivera Manuel (1909–2003).
2. Anderson, “Introduction,” 6. Ipinaliwanag niya ang kahulugan ng nasyonalismo gámit ang akda ni Ernest Gellner, *Thoughts and Change*, (Weidenfeld and Nicolson, 1964), 169. Ani Anderson:

With a certain ferocity Gellner makes a comparable point when he rules that ‘Nationalism is not the awakening of nations to self-consciousness: it *invents* nations where they do not exist.’ The drawback to this formulation, however, is that Gellner is so anxious to show that nationalism masquerades under false pretences [sic] that he assimilates ‘invention’ to ‘fabrication’ and ‘falsity’, rather than to ‘imagining’ and ‘creation’. In this way he implies that ‘true’ communities exist which can be advantageously juxtaposed to nations. In fact, all communities larger than primordial villages of face-to-face contract (and perhaps even these) are imagined. Communities are to distinguish, not by their falsity/genuineness, but by the style in which they are imagined [kay Anderson ang diin].

3. Jose Rizal, “A Social Gathering,” *The Social Cancer (Noli Me Tangere)*, isinálin ni Charles Derbyshire, (Philippine Education Company, 1921). Parehong kabanata ang hinimay ni Anderson

sa pagpapaliwanag niya sa konsepto ng *apprehension of time*. Nása Anderson, "Cultural Roots," *Imagined Communities*, 22–29.

4. Anderson, "Cultural Roots," 24, 27. Hiniram ni Anderson ang konsepto ng 'homogenous, empty time' sa Walter Benjamin, *Illuminations*, inedit ni Hannah Arendt, isinalin ni Harry Zohn (Schocken Books, 1968), 265. Komento rin ni Anderson sa mabusising deskripsiyon ni Rizal sa piging:

Extensive comment is surely unnecessary. It should suffice to note that right from the start the image (wholly new to Filipino writing) of a dinner-party being discussed by hundreds of unnamed people, who do not know each other, in quite different parts of Manila, in a **particular month of a particular decade**, immediately conjures up the **imagined community** [akin ang mga diin].

5. Pagtitibayin sa pag-aaral na ang mga katagáng pictured at guessed ay kakambal (kung hindi naman kasingkahulugan) ng salitáng imagined o haraya sa sálin sa Filipino. Akin ang mga diin.
6. Mahalagang konsepto ang *haraya* sa pag-aaral na itó. Bagaman sa *UP Diksiyaryong Filipino* kinuha ang kahulugan ng naturang salitá, ngayon pa lámang ay iestabilisa nang ang pagdalumat ko rito ay pinitas kay Almario. Mas palalawigin itó sa mga susunod na pahina. Nása Virgilio Almario, "Ang Pangangailangan sa Haraya: Introduksiyon sa Panitikan Tungo sa Kalayàan," *Si Balagtas at ang Panitikan para sa Kalayàan*, (University of Santo Tomas Publishing House, 2023), ix-xlvi. Talâ: Ang kabanatang ito, ayon kay Almario ay binágong edisyon ng sinúlat niya noong Nobyembre 7, 2013 na ipinalathala bílang isang nagsasarilíng munting aklat at may sálin sa Ingles sa pamagat na *The Necessity of the Imagination* noong 2014, inilimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino, 2016.
7. Guerrero, "Epilogue: The First Filipino," *The First Filipino*, 492. Samantála: "Father of Filipino Nationalism" naman ang bansag ni Anderson kay Rizal. Nása Anderson, "Cultural Roots," 26.
8. Bukod sa pagiging mangmang, sasagutin din ni Rizal ang paratang ng mga Español sa pagiging tamad. Nása Jose Rizal, *The Indolence of the Filipinos*, isinálin ni Charles Derbyshire, (Philippine Education Company, 1913).
9. Taóng 1886 unang magkikita sina Rizal at Blumentritt, isang taon bago ilimbag ang *Noli Me Tangere*. Hiniling ni Rizal na makipagkita kay Blumentritt (gurò ng kasaysayan at heograpiya) upang humingi ng mga gabay at páyong akademiko (tantiya ni Quibuyen, espesipikong layon ni Rizal ang makatanggap ng gabay sa pagsusulát ng kasaysayan). Pumpon ng kaniláng talakayan at palítang-súlat ay iinog sa kasaysayan, kultura, wika, at sitwasyong politikal ng mga Filipino sa Filipinas (sa sukat ko, pinagbulayan

nilá noon ang mga paksang itinuturing ngayong haligi ng larangang Philippine Studies o Araling Filipino). Sisikhay ang mga saliksik ni Blumentritt kinalaunan at makapaglilimbag ng nása 146 na etnograpihong papel kasáma ang *Ethnography of the Philippines* (1882), *Alphabet List of the Native Tribes of the Philippines* (1890), *Mapa Etnográfico del Archipiélago Filipino* (1890), *Diccionario Mitológico de Filipinas* (1895), at sari-saring akdang tungkol sa mga Negrito, Igorrote, Tagal at Bicol, Bisaya, at Moro. Pagtatangi nga ng Americanong historyador, Daniel Brinton, “As no one is better informed than Professor Blumentritt on the actual mental status of the Filipinos, it will interest readers to learn that he is positive they are sufficiently advanced to be capable of independent self-government, and it is his ardent wish that this shall be the outcome of our wresting them from Spanish misrule” (Brinton 1899, 122–25).

10. *Etnograpiya* (ethnography) ang siyentipikong pag-aaral ng iba-ibang lipì at kultura ng mga pamayanang-etniko. Field work ang pangunahing metodong pampananaliksik ng mga etnograpo. Samantála, kadalasang kakabit nito ang *etnolohiya* (ethnology) na pumapatungkol naman sa agham na nag-aáral ng relasyon ng pagkakaibá-ibá o paghahati-hatì ng mga katangian ng mga táo sa ibá-ibáng pamayanang-etniko. Mas teoretikal ang lápit ng etnolohiya dahil sa mga naturalist kumukuha ng datos ang mga etnologo. Ipaliliwanag sa mga susunod na bahagi ang disiplina ng etnograpiya, kawing sa etnolohiya. Susundan sa pag-aaral angtrato ni Thomas sa ethnography at ethnology. Sa Megan Thomas, “Locating Orientalism and the Anthropological Sciences,” *Orientalists, Propagandists, and Ilustrados: Filipino Scholars and the End of Spanish Colonialism*, (University of Minnesota Press, 2012), 36–37:

Ethnology—the study of human groups’ filiations with each other—was in some sense initially a branch of philology, which later developed different methodological tools, including archaeology, (and for our purpose importantly) ethnography, mythology, and folklore. In this tradition, “ethnology” and “ethnography” had related and overlapping meanings. **Loosely speaking, “ethnography” was the study of a particular group, and “ethnology” was the more theoretical practice of ascertaining relationships between peoples through comparison.** In British and later English-language anthropology, the distinction between the practice of ethnography and ethnology was sometimes more specific: “ethnography” referred to gathering data “in the field” and writing it up, whereas “ethnology” considered that data comparatively in order to theorize the relationships between peoples, and the history of man. As historians of the

discipline have shown, fieldwork was not practiced by trained anthropologists until relatively late, and instead ethnographic data was gathered largely from accounts of naturalists and missionaries and analyzed back at home (in Europe) by those theoretically equipped to determine its ethnological import. When Isabelo de los Reyes in 1887 described his piece “The Tinguian” as being a work of ethnography, he was being modest; the scholar who translated this work into German for publication in Vienna judged that the piece “reveals the erudition and competence of the author in ethnological matters,” which is to say his erudition and competence in the more theoretical, loftier science of ethnology, which was generally the provenance of Europeans only. [akin ang mga diin]

11. Kontekstuwalisado ang paggamit nina Rizal at Blumentritt sa salitang *pagano* na mas karaniwang tumutukoy sa mga Igorot. Sa Guerrero, “An Advocate’s Trials,” *The First Filipino*, 160-161, 173 sinipi ang sulatán ng dalawa noong 1887. Mulá sa Kalaw, *Epistolario Rizal*, III, 5, at Kalaw, *Epistolario Rizal*, V, 202, 216, 527, 536:

*F. Blumentritt to J. Rizal, 3<sup>rd</sup> April 1890.*

As I go deeper in my ethnological studies of the Philippine Islands, I find more and more similarities and surprising analogies between the Germans and the Tagalogs, and between **the (ancient) Teutonic tribes and the (pagan) Igorots**. [akin ang diin]

*J. Rizal to F. Blumentritt, 2<sup>nd</sup> February 1890.*

“Father,” I [Rizal to Father Sanchez] replied, “you are a missionary. When you go on your mission, do you not fear the consequences of carrying it out?” “Oh, that is a completely different thing!” he countered. “Not at all,” I answered. “**Your mission is to baptize pagans; mine is to dignify men.**” My main point of discussion with the Jesuits, and their main complaint against me is that I pictured them [in the Noli] running behind the chariot of progress.... [akin ang diin]

12. Tagal (Tagalog) si Rizal, at para makapag-ambag sa proyektong pagbubuò ng pambansang identidad, sinikap niyang kompletuhin ang ilang pag-aaral tungkol sa wikang Tagalog gaya ng *Specimens of Tagal Folklore* (1889), pati pagsasatitik at pagdidibuho ng mga kaalaman at kuwentong-bayan, *Two Eastern Fables* (1889), *Ang Unggoy at ang Pagong* (1889), at *Mariang Makiling* (1890). Manipis ang ganitóng linya ng kanyang pananaliksik, kayâ kailangan talagang may mga gaya ni Blumentritt na susuhay sa ideolohiyang mayroong matatag na katutubong kasaysayan ang mga Filipino.

Dumudungaw (bumabása, sumusuri, kumikritik) man ng mga naratibong Español ay nagsisikap pa ring bumasag ng kolonyal, ‘ika nga, “deconstruct Spanish Orientalism.”

13. “Isabelo was in contact with personalities of the Propaganda Movement,” ani Mojares. Gayundin, may mga dokumengtong nagsasabing pininsan ni Rizal si de los Reyes: “A claim has also been made that Isabelo (called *Beluco* in his youth, *Don Belong* in his late years) was a ‘distant cousin’ of Jose Rizal, linked through a Chinese tax collector married to both Rizal’s grandmother and Isabelo’s grand-aunt.” Nása Resil Mojares, “Brother of the Wild,” *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes, and the Production of Modern Knowledge*, (Ateneo de Manila University Press, 2006), 256. Sanggunian ni Mojares: Tomas de los Reyes & Frederick Scharpf, “Rizal’s Relatives in Vigan—the Florentino Clan,” *Ilocos Review*, 15 (Divine Word College of Vigan, 1983). Mababása rin sa E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, (Filipiniana Publications, 1955-1986), 11:151.

Sa isa pang akda ni Mojares, iuugnay niya ang kaisipáng de los Reyes sa Katipunan. Nása Mojares, “Isabelo’s Archive,” *Isabelo’s Archive* (Anvil Publishing Inc., 2013), 10:

Isabelo, after all, does not only believe in the reality and necessity of nations, he maintains a strong editorial presence, as shown in his glosses and commentaries and his vain attempt to establish logical divisions for his materials. Clearly, Isabelo saw himself as more than just a collector or compiler. He aspired to be an archon, the editor and interpreter of the archive. This is shown in his later attempts to construct out of popular knowledge an ideology of the Katipunan revolution (when he wrote *Religion del “Katipunan”* in 1899) and a theology of a national church (when he produced doctrinal texts for the Philippine Independent Church).”

May detalyadong paliwanag sa Mojares, “Deploying Local Knowledge,” 313–15.

14. Nása Isabelo de los Reyes y Florentino, “Terminología del Folk-Lore,” *El Folklore Filipino*, Tomo I (Imprenta de Santa Cruz, 1889), 19:

**Hermano de los selváticos aetas, igorrotos y tinguanes** y nacido en esta apartada colonia española, donde la civilización brilla aún con luz muy tenue, confieso sinceramente que muy poco, ó mas bien dicho, nada sé yo de la nueva ocupación del pensamiento humano llamado *Folk-lore*. [akin ang diin]

15. Makikilála rin ang *El Folklore Filipino* sa paglilimbag nitó sa *Vida de Lam-ang* (*Antiguo Poema Popular de Ilocos*) sa Tomo II (1890).

Isasálin ito nina Lazaga at Tabag at ilimbag sa KWF Aklat ng Bayan: Junley Lazaga & Ariel Tabag, *Búhay ni Lam-ang*, (Komisyon sa Wikang Filipino, 2018).

16. Ang interes ni de los Reyes sa folklore ay ikinakabit sa impluwensiya ng editor na si Jose Felipe del Pan. Si del Pan ang may-akda ng *La Oceania Filipina* (Marso 25, 1884). Ani Mojares, hinikayat ni del Pan si de los Reyes na sumulat at mag-aral tungkol sa folklore. Si del Pan ang kumolekta ng mga akda ni de los Reyes; dinalá niya ang koleksiyon sa *Madrid Exposicion General de las Islas Filipinas noong 1887* na nanalo naman ng gantimpálang pilak. Nása Mojares, “Deploying Local Knowledge,” *Brains of the Nation*, 305.
17. Kasáma sa maraming publikasyon ni de los Reyes ang anotasyon niya sa mga limbag na mga akdang tungkol sa kasaysayan ng Filipinas: *Estado de las Islas Filipinas en 1810* (1820) ni Tomas de Comyn at *A Visit to the Philippine Islands in 1859* (1876) ni John Bowring. Sa isa pang historikal na pananaliksik, *Los Regulos de Manila* (1885), mababása naman ang “di-mapasusubaliang” kasaysayan ng paglusob ni Limahong, digmaang Español-Olandes at dokumentasyon ng mga naging pinunò ng Maynila. Pinuri ni Jose Felipe del Pan, dyorno at manunulat, ang akda ni de los Reyes sa pagwikang “without dispute the most extensive and thorough account to date” (Mojares 2006, 293). Interesanteng banggitin ang metodo ng pananaliksik na inaplay ni de los Reyes sa mga nabanggit na publikasyon: **etnograpiya**. Dahil naghihikahos sa mga sangguniang nakasúlat, yayamang hindi pagsúlat ang pangunahing moda ng komunikasyon noong prekolonyal, kinapanayam niya ang pamilya ni Lacandola ng Tondo, isa sa mga unang pinunò ng bayan, para gamiting primaryang datos. Sa katunayan, ginalugad niya patí ang espadang ibinigay ni Legaspi kay Lacandola. Komento pa ni Mojares, “Isabelo recognized that source materials were scarce and riddled with bias and inconsistencies. He showed himself adept at source criticism as he tried to demonstrate how errors of interpretations were passed on from one Spanish author to another and how these authors confused the identities of historical persons because of carelessness and unfamiliarity with **local usage**” (Mojares 2006, 293; akin ang diin).
18. Palalawigin sa Thomas, “Practicing Folklore: Universal Science, Local Authenticity, and Political Critique,” *Orientalists*, 97–140. Aniya, “the folklore writings of the Philippines followed relatively closely, and even could be considered part of Spanish folklore, though this could signify a challenge to Spanish authority as much as recognition of it.”
19. Sa *El Folklore Filipino* pa rin, babanggitin ni de los Reyes ang pangangailangan sa isang museo universal, angkla sa pahayag ni

## Emilia Pardo Bazán ng Folk-Lore Gallego:

